

GANON SA ‘PINAS, GAYUN SA PEYUP? GANON SA PEYUP, GAYUN SA ‘PINAS?’

Cecilia A. Florencio

Sasakyang naggigititan sa kalye na may nakalagay “bawal ang pumasok”. Empleyadong nagtutulakan upang mauna sa pagkuha ng regalong sako ng bigas na lahat naman ay may alokasyon. Babae at lalake na walang pakundangan ang paggamit sa selfon kahit lubhang nakaiistorbo.

Kampanya sa eleksiyon na tinampukan ng paninirang-puri. Bilangan ng balota sa eleksiyon na pinalooban ng palit-palitang akusasyon ng pandaraya.

Saan nakikita o nangyayari ang mga ito? Sa ‘Pinas, sabi ng iba. Sa Peyup, sabi naman ng iba. Lahat sila ay tama. Hindi nga ba at wala naman pinagkaiba ang labanan sa putikan ng nagdaan na eleksiyon ng bansa at sa mga asosasyon ng mga nagsipagtapos sa ating pamantasan?

Bakit nga ba natin patuloy na itinatapon ang mga makasaysayang pagkakataon na bumangon sa pagkalugmok, magsimula muli, at ibalik ang respeto sa sarili?

Hindi nangangahulugan na wala sino man ang naging kapuri-puri o hindi nagkaroon ng ano man pagsulong at tagumpay. Kailan lamang ay napili ang dalawang kababayan natin (Haydee Yorac at Benjamin Abadiano) para sa Ramon Magsaysay Award; sa pamamagitan ng matibay na paninindigan, nagawa nilang bigyan ng pagbabagong anyo ang Asya. Naririyang ang mga tapat at mahusay sa

kanilang mga gawain, gaano man kahirap. Naririyang ang mga naghahandog ng serbisyo sa mga nangangailangan na walang hinihintay na kabayaran, gaya ng Pahinungod at Bantay Bata. Naririyang din ang mga kinilala sa angking talino, na higit pa sa mga banyaga, gaya nina Manny Paquiao at Patricia Evangelista, o sa katapatan, gaya ng tsuper ng taksi na si Nestor Sulpico. Ngunit, pagsamahin man lahat ang mga ito at iba pa, mangilan-ngilan pa rin maituturing; patuloy pa rin tayong uhaw sa kabuuang ipinagkakapuri bilang isang bansa. Kaya naman gayon na lamang tayo kaagap sa pag-angkin bilang kapwa Pinoy o tubong ‘Pinas ang mga gaya nina Jasmine Trias at Major General Antonio Taguba. Maidagdag ko na rin si Sweet, isang askal, tubong Bagyo, tumalo sa 8000 asong may pedigri at hinirang na Dog of the Year 2004 sa Inglatera.

Ang Pilipinas ay isang bansa na nagbago ang takbo ng buhay batay sa karanasan ng mga taga-loob at sa obserbasyon ng mga taga-labas. Dati-rati ay tinitingala ng karamihan sa Asya, ngayon ay siyang tumitingala sa napakaraming mga karatig-bansa.

Ang Unibersidad ng Pilipinas (UP) ay isang pamantasan na nagbago ang takbo ng buhay batay sa karanasan ng mga taga-loob at sa obserbasyon ng mga taga-labas. Dati-rati, ang pagsambit ng UP ay sapat na, di na kinakailangang dagdagan pa; ngayon ay may idinurugtong na pinakamagaling pa rin sa bansa, o, dili kaya, pinakamagaling pa rin sa bansa sa larangang ito o iyon. Sa kaniyang talumpati ng Marso 2, 2000, ipinahayag ni Pangulong Francisco Nemenzo ang determinasyon na pasariwain ang ating tumatandang institusyon sapagkat “masakit man tanggapin, ang pamantasan ay natatangay tungo sa *mediocrity*”.¹

Sa sinapit ng bansa at pamantasan, ang mga taga-loob at mga taga-labas ay kapwa nagpapahayag ng kalungkutan. At, panghihinayang – sa maraming mabubuting simulan na hindi lubos na naisakatuparan at sa mga potensyal na hindi nabigyan ng pagkakataong umusbong at lumago. Panghihinayang sa ugnayan ng bansa at pamantasan na maaari, ngunit, wari ay hindi naging isang modelo ng ugnayang nakabuti at nagpabuti sa isa’t isa. May mga nagsasabi na ang bansa “*lost its moral compass*”, habang ang pamantasan “*lost its soul*”.